

MAGTIPIID TAYO NG TUBIG

Ayon sa PAGASA, ang kasalukuyang moderate EL Nino na nararanasan ng bansa ay maaring titindi pa sa darating na Oktubre 2015 hanggang Marso 2016. Nangangahulugan lamang na kaunting ulan lamang ang maaasahan. Ito ay hindi sapat na lamanan muli ang mga dams lalong-lalo na ang Angat Dam na siyang pangunahing pinagkukunan ng 97% tubig ng Kamaynilaan, kabilang na ang Bulacan at Pampanga.

Dahil na rin sa darating na El Nino, ang tubig sa Angat Dam ay maaring bumulusok sa kritikal na antas. Ang pamahalaan ay patuloy na humihikayat sa publiko na magtipid at gamitin ang tubig sa tamang pamamaraan upang makaagapay sa napipintong kakapusan ng tubig.

Narito ang ilang gabay sa pagtitipid ng tubig:

Tiyaking hindi tumutulo ang gripo.

Siguruhing mahigpit ang pagkakasara ng gripo kapag hindi ginagamit. Umaabot sa 200 litro kada limang minuto ang naaaksaya kapag naiwang tumutulo ang tubig sa gripo.

Hangga't maaari, maglagay ng *low volume/high pressure (LVHP) nozzles* o *flow restrictors* sa mga gripo sa lahat ng linya ng tubig. Mababawasang maaksaya ang tubig ng halos 50%.



Ipagbigay - alam sa kinauukulan ang mga sirang tubo at illegal connections.

Tumawag sa MANILA WATER sa hotline 1627 at MAYNILAD sa hotline 1626 o kaya ay maki-pag-ugnayan sa Local Water Utilities Administration sa inyong lugar.

Maglaba nang minsanan upang hindi maaksaya ang tubig.

Gumamit lamang nang sapat na tubig at sabon. Huwag hayaang umaapaw ang tubig habang nagbabanlaw. Ang bukas na gripo ay makapag-aaksaya ng 6 na litrong tubig sa bawat minuto.



Mag-recycle ng tubig.

Ang pinagbanlawang tubig ay puwedeng gamiting pambuhos sa kubeta at panglinis ng sasakyan.



Maglaan ng puhunan para sa bagong modelo ng mga toilet bowls na gumagamit lamang ng halos 2.6 hanggang 4 na litro bawat flush.

Ang mga lumang modelo ay nakapag-aaksayang hanggang 14 na litro ng tubig kada flush. Ang pagpa-flush ng toilet ay kumukunsumo ng halos 30% ng gamit sa tubig sa loob ng isang tao. Maaari rin nating bawasan ang antas ng tubig ng ating toilet flush sa pamamagitan ng pagkontrol sa balbula.



Magtipid ng tubig sa pagligo.

Gumamit na lamang ng timba at tabo sa pagligo. Isara ang gripo habang nagsasabon at nagsa-shampoo at mabilis na magbanlaw. Ang bukas na shower ay nakapag-aaksayang mula 9 hanggang 45 litro ng tubig sa bawat minuto.



Gumamit ng baso sa pagsisipilyo.

Huwag hayaang tumutulo ang gripo habang nagsisipilyo. Mabilis na banlawan ang sipilyo upang makatipid ng 80% ng karaniwang paggamit ng tubig.



Iwasan ang paghuhugas ng sasakyan araw-araw.



Sa paglilinis, gumamit na lamang ng basahan at timba. Tinatayang 18 litro ng tubig ang maaaksaya sa bawat minuto kung gagamit pa ng hose.

Mag-imbak ng tubig ulan.

Ang tubig ulan ay maaaring gamitin sa pangaraw-araw na pangangailangan gaya ng panglinis ng bahay, pandilig ng halaman at iba pa.



Diligin ang mga halaman bago sumikat ang araw sa umaga at sa dapit-hapon.

Ang pagdidilig ng halaman sa mga oras na ito ay makababawas sa water loss gawa ng mabilis na ebaporasyon.



Tanggalin ang mga tirang pagkain sa pinggan bago ito hugasan.

Hangga't maaari, gumamit ng palanggana at maghugas nang minsanan upang makatipid sa tubig at sabon.



Magbigay lamang ng tubig sa mga customer ng hotel at kainan kung sila ay hihingi.

Ipunin ang mga natirang tubig ng mga customer upang gamiting pandilig sa mga halaman.



Sa mga gusaling hindi ginagamit sa gabi...

pataying ang gate valve at buksan muli sa umaga



Turuan ang mga kawani, mag-aaral, o mga kasambahay kung papaano sila makatipid ng tubig

Maari rin isama sa mga aralin sa paaralan ang wastong pagtitipid sa tubig

